Alamin ang tungkol sa mga anak ng Ama sa Langit sa buong mundo.

## Hello mula sa
# NORTHERN IRELAND!

Ang Northern Ireland ay bahagi ng United Kingdom. Ito ay nasa isang isla na kung minsa'y tinatawag na Emerald Isle dahil berdeng-berde ito! Halos 2 milyong tao ang naninirahan doon.



### MGA UNANG MISSIONARY

Ang Northern Ireland ay isa sa mga unang lugar na binisita ng mga missionary sa labas ng USA.



### ISPORTS

Ang Rugby ay isang popular na isport sa Northern Ireland. Nilalaro ito sa pamamagitan ng pagtakbo habang hawak ang isang bolang hugis-itlog at pag-touch down nito sa goal area ng kalabang team.

MGA LARAWANG-GUHIT NI HECTOR BORLASCA



### MUSIKA



Ang tradisyonal na musikang Irish ay kadalasang may kasamang mga biyolin, plauta, at banjo. Maririnig mong tinutugtog ito sa buong isla, pero popular din ang musikang Irish sa buong mundo!




### WIKA

Ingles ang pinaka-karaniwang wika sa Northern Ireland. Mahalaga rin doon ang Gaeilge (Irish) at Ulster Scots. Ang Gaeilge ay isa sa mga pinakamatatandang wika sa mundo!




AKTIBIDAD

## Mga Pangalang Irish

Ipinakita ng mga apelyido sa makalumang Irish kung kanino ka may kaugnayan. Ano ang magiging apelyido mo? Isulat sa patlang!

**Halimbawa:** Ang anak ng taong nagngangalang Hugh ay isusulat ang "MacHugh" sa unang linya.

**MGA BATANG LALAKI:** Mac ______________________
(pangalan ng iyong ama)

O kaya'y Ó ______________________
(pangalan ng iyong lolo)

**MGA BATANG BABAE:** Nic ______________________
(pangalan ng iyong ama)

O kaya'y Ní ______________________
(pangalan ng iyong lolo)

RESIPE



## Boxty

Subukan ang bersyong ito ng mga Irish potato pancake!

1. Paghaluin ang **1 1/2 tasa ng ginadgad na patatas** at **1 tasa ng mashed potatoes** sa isang mangkok. Ihalo rito ang **1 tasang harina** at **1/2 kutsaritang asin**.
2. Sa isang hiwalay na mangkok, magbati ng **1 itlog** at **1 kutsarang gatas**. Ibuhos ito sa patatas at haluin.
3. Painitin ang **mantika** o **mantikilya** sa isang kawali. Maglagay ng isang kutsara ng mix sa kawali. Lutuin sa loob ng 3 hanggang 4 na minuto sa magkabilang panig. Ulitin ito sa bawat pancake.

**Siguraduhing magpatulong sa isang adult!**